**Relationship roadblocks: Killing you softly, and slowly**

**By Libay Linsangan Cantor**

Nasubukan mo na bang pumasok sa isang relasyon kung saan unti-unti mong pinapatay ang ilang bahagi ng iyong sarili at pagkatao, para lamang masunod ang gusto ng iyong kasintahan o para lamang mapanatiling matatag ang inyong pagsasama?

Marahil ay magugulat at maiinis pa nga ang ilang taong unang makakarinig ng ganitong uri ng relasyon. Pero ang lahat naman ng relasyon ay isang uri ng paglalakbay, kaya tayong lahat ay iba-iba ang pinapatunguhan nito. At minsa'y may nakakasalubong tayo sa daan na ganito ang tema ng kanilang paglalakbay: ang pangangailangan ng pagpatay ng ilang aspeto ng isang sarili para lamang tumakbo pa ng tuluyan ang kanilang samahan.

Masakit mang isipin minsan pero marami sa ating mga babaeng nagmamahal ng kapwa babae ang nakakaranas nito. Akala lang natin ay para sa mga straight couples ang ganitong sitwasyon, o mas madalas sa kanila, na dahil sa magkaibang magkaiba ang lalaki sa babae, magkaibang planeta na ang pagtatagpo at pagsasamang iyon. Sabi nga ng isang lumang libro, ang mga lalaki ay mula daw sa Mars at ang mga babae ay mula naman sa Venus. Paano magkakatugma ang orbit ng dalawang planetang ito? Pero ang tanong naman sa atin, sa ganitong magkasama na sa Venus ang dalawang magsing-irog, mas mainam na kaya ang pag-ikot nila sa kanilang kalawakan?

Actually, hindi pa rin...minsan.

Ang dalawang nilalang ay magkaibang nilalang pa rin, kahit sabihin na nating malaking porsiyento nila ang magkapareho. Parehong nagkakaroon ng buwanang PMS kaya sanay na sila sa mga inarte at topak ng bawa't isa sa ganitong panahon. Pareho ang anatomiya kaya parehas silang nakakaramdam ng kung anumang pagpuri, paggalang, at pambabastos dito, na pareho na rin nilang alam kung paano tatanggapin, pasasalamatan, o sasalagin. Pareho ang ibang pananaw nila sa buhay dahil sa ang female instinct ay minsan may instant connection na nagaganap sa dalawang babae na hindi minsan maipaliwanag ng science, philosophy o psychology. Basta 'yun na 'yun, 'yun na! At tinatanggap na lang nila – o natin – na 'yun na nga.

Pero paano nga kung hindi nagtutugma ang dalawang nilalang? Maraming maaaring kadahilanan kung bakit mo kailangang patahimikin ang ilang boses na dati mong pinangangalandakan sa iba, at marami ding maaaring maging dahilan kung bakit hihinto ka sa pagkilos ng ilang kilos na nagmamarka ng iyong katauhan para sa iba. Madaling sabihing pagmamahal ang dahilang nangunguna kung bakit ka handang-handang magbago ng pananaw, pagkilos, pananalita, kahit prinsipyo at

paninindigan sa buhay ay handa mo na ring isantabi para lang sa mahal mo, alang-alang sa inyong pagmamahalan.

Minsan, maaga pa lang ay makikita na ito ng dalawang babaeng magkakatagpo. Sa umpisa pa lang ng ligawan, alam na nilang magkaiba silang dalawa ng pagkatao, ng hilig at gustong gawain sa buhay, at nirerespeto nila ito. Minsan nga, sabi nila ay "opposites attract" kaya mas type nila kung magkaiba silang magjowa ng ibang hilig, ng gustong kainin o gawin, at nagkakatagpo lang sila sa puso at sa pagmamahalan. Di ko lang talaga sigurado kung paano tumatakbo ang ganitong samahan, pero kung epektibo sa dalawang nilalang, aba'y isulong lang.

Pero ang tanong ay: paano kung hindi pala umuubra sa paglaon? Minsan, tumatagal pa ng ilang buwan bago mo makilala ang isang tao. Minsan ay bumibilang na kayo ng taon, magkasama kayo sa buhay, sa bahay, kahit sa trabaho minsan, pero parang hindi talaga kayo naging magkakilala nang lubusan dahil sa ang dami ninyong pinag-aawayan, pinagdedebatehan, at pinagsasawalangbahala sa relasyon ninyo. Madali rin sa ibang tao na sabihing "Hiwalayan mo na 'yan! Bakit ka pa nagtatatagal sa relasyong 'yan? Bakit mo pa tintiyaga ang taong 'yan?" Pero minsan, hindi talaga natin alam kung ano ba talaga ang nangingibabaw sa atin kaya tayo kumakapit kahit parang dapat ay bumitaw na tayo.

Makailang beses ko na ring natagpuan ang sarili ko sa ganyang mga sitwasyon. Minsan ko nang pinasok ang isang relasyon bilang isang bata-bata pang babaeng malaki ang tiwala sa pinasok na relasyong pinagbabawal ng mga di nakakaintindi sa lipunan. Bago pa man ako pumasok sa relasyong iyon, alam ko nang wala akong pinanggalingang kloseta dahil hindi ganun ang pagkatao ko. Aktibo akong nakikita sa labas bilang miyembro – at minsa'y tagapagsalita rin – ng rainbow community. Pero dahil sa pinili kong magmahal ng isang nasa kloseta, nakumbinsi akong pumasok na rin sa kloseta niya at doon kami magkaulayaw. Hindi ko alam kung pagmamahal nga ba ang nangibabaw sa akin dito o pagka-desperado, pero tahasan kong pinag-isipang hindi naman sana 'yung ikalawang dahilan na iyon kaya ako nagtagal ng ilang taon sa samahang iyon.

Maliban sa sarili kong adbokasiya na sapilitan kong naikloseta, naipasok ko rin sa kloseta ang aking sining. Dahil sa wala akong nagiging panahon sa sarili ko madalas para pagtuunan ang iba't ibang sining kong kinahihiligan noon, tila parang namatay ang pagiging malikhain ko nang ilang taon. Muli, nanatili lang ako sa loob ng relasyong iyon, kinaibigan at tinuring na pamilya ang mga kaibigan at pamilya niya, at madalas ay nakakalimutan ko na rin ang sarili kong mga kaibigan at pamilya. Mga ilang taon pa ang lumipas bago ako tuluyang natauhan – na lumilipas na ang panahong napapag-iwanan na ako ng sining kong pinagkakaabalahan noon, na nawawala na ako sa sirkulasyon ng pagtulong sa mga pinagkakaabalahan ko sa buhay, na nagiging isang tao na akong hindi ko kilala kung sino siya. Sino na nga ba ako? Nang mahuli kong tinatanong ko ang sarili ko nito, dito ako natauhan: hindi ko na kilala ang sarili ko, dahil ang mga katauhang bumubuhay sa akin ay sadya kong pinatay, o napatay. Di ko alam kung ano ang mas tamang termino, pero ganun din ang napuntahan – ang pagkamatay ng pagkatao ko. Kaya bago pa

mahuli ang lahat, sinadya kong magpakalakas at tumalon sa walang kasiguraduhang buhay na wala siya, na walang kasama.

At ano ang kinahinatnan nun? Ayun, nakalabas ako, buhay na buhay, at ipinangako sa sariling kapag nagkaroon ako ng pagkakataong mapaibig muli, wala na dapat akong papataying pagkatao ko sa loob ko, para lamang maging masaya siya, para lamang magtugma kami, para lamang umandar ang biyaheng pag-ibig namin. Hindi ko talaga mawari kung paano ko natawag na pag-ibig ang samahang iyon kung may pinapatay naman ako sa sarili ko para lang mabuhay ang ibigang iyon. Malabo yata. Ang konsepto ko kasi ng tunay na pag-ibig ay binubuhay ninyong dalawa ang isa't isa sa lahat ng paraang makakabuti sa inyong kalusugan, pag-iisip, kaluluwa, katawan at puso.

Mabuti na lang at nakatagpo na ako ngayon ng isang kapareho ko, na walang ginagawang pagpatay sa sarili, para lamang mabuhay ang pag-iibigan namin. Bagkus, buhay na buhay ang pagmamahalan namin dahil sa nagkakatugma ang marami naming hilig at pananaw. Sana lang ay magkaroon din ng ganitong kaliwanagan ang ibang kauri namin na nananatiling nasa dilim ng isang relasyong baka di na bumubuhay sa kanilang pagkatao. //

**Relationship roadblocks: Parallel roads, tangent goals?**
**By Libay Linsangan Cantor**

"Ano ba talaga ang plano mo sa buhay, ha?"

Minsan na akong siningil nang ganito ng isang babaeng nagsasalita lamang ng katotohanang saloobin kapag nalalasing siya. Ilang linggo pa lamang kaming nagiging magkasama noon dahil kinikilala pa namin ang isa't isa, pero handa na kaming pumasok sa relasyon at gawin itong pormal. Pirmahan na lang ng kontratang "oo, akin ka" ang kulang sa kaganapan at matatawag mo na kaming magkasintahan talaga. Pero ang turingan na namin sa isa't isa ay parang magkasintahan na nga, kaya parang formality na lang ang pagpirma ng kontratang iyon.

Siyempre, sa umpisa, lagi tayong nagkukumpara ng mga plano sa buhay, at inaaral natin ang pinanggalingan ng isang nilalang para malinaw nating makita kung saan sila patungo rin. Bilang isang dekada ang tanda ko sa kanya, alam kong marami pa siyang nais maganap sa buhay at naroroon ang nagbabadyang hindi namin pagtutugma sa ilang bagay na nais marating, tahakin o daanan sa buhay. Marami na rin kaming pinagdaanan sa bawa't buhay namin kaya alam na alam na namin ang ilang uri ng sakit, ng kaligayahan, ng katapatan, at ng panloloko. Dapat.

Pero hindi rin pala.

Mula sa ilang buwan ng pag-uusap muna, nauwi ang samahan namin sa pisikal na pagkikita. Mukha namang totoo at tapat ang ipinapakita sa iyo kaya iyon din ang

ipapakita mo sa kanya. Sa mga usapan, nauuwi ang pag-uusap sa kung saan ka na nakapaglakbay sa buhay at natural lang na magtanong kung saan ka papunta pa. Dahil sa mula ng naging kuwarenta anyos na ako, tila may kakaibang nangyari sa aking pagkatao at gusto ko nang tumahak sa ilang daang sadya kong iniwan, o naiwan, noong kabataan ko. Tila nais ko na rin ng pagbabago sa larangan ng aking pagtatrabaho, sa mga nagiging trabaho ko, na tila nagkakaroon na rin ng pagkapaso paminsan-minsan ang kaluluwa ko kaya gusto ko namang sumubok ng panibagong linya, o larangan, o pinagkakaabalahan, o kaya'y masubukan ang ibang aspeto ng aking mga kinagisnang gawain baga. Marami pang puwedeng puntahan, marami pang puwedeng gawin, at marami pang puwedeng mangyari sa buhay ko sa pagkakataong iyon, kaya malakas ang loob ko sa marahang simula ng paglalakbay ko sa sarili kong buhay sa panibagong aspeto at chapter nito.

Pero tila di yata ito maintindihan ng aking naging kaulayaw noon. Naghahanap siya marahil ng kongkretong mga plano pa sa buhay, mga mas siguradong gawaing may siguradong kalalabasang materyal na bagay, o marahil ay mga gawaing mas may ganansiyang pinansiyal siguro. Marahil ay di niya maintindihan ang mga aspetong pilosopikal dahil sa limitado ang pag-iisip niya ng ganitong mga bagay. Marahil ay di niya maintindihan ang mga pagbabago sa buhay ng isang malikhaing tao dahil sa hindi naman siya malikhain. Pero kung gugustuhin naman niya, maaari naman niyang intindihin ito kung talagang gusto niyang makasama sa buhay ang isang tao. Pero hindi rin pala. Kasi ang ganitong simula ng isang karelasyon ay bunga pala ng panlilinlang na makakaharang sa paglalakbay ninyo sa magiging pagsasama ninyo.

Isang umagang inosente akong nagising sa isang malisyosong tsismis, saka ko lamang nalaman ang kabuuan ng kalituhang ito sa pagkatao ng aking kaulayaw. Kaya pala hindi pa niya pinipirmahan ang kontrata ng samahan namin ay may pakontes palang nagaganap sa pagkatao niya, na dalawa kaming pinagpipilian niya at tinitignan niya kung sino ang mas kongkreto ang plano sa buhay na puwede niyang sakyan. Sakyan, oo, hindi sabayan, dahil sa ang isiniwalat sa akin ng tsismosa ay ganung aspeto: na dalawa pala kaming kinakatagpo ng iisang babae, na may plano na daw siyang ibahay ang babaeng ito dahil mahal na mahal na daw niya ito, kaya naisipan niyang alamin kung sino ako dahil nababanggit pala ako minsan ng babaeng ito sa kanya. Sa madaling salita, pinagsabay niya ang paglalakbay ng dalawang nilalang para lamang sakim na makita kung saan siya mas aabante sa paglalakbay na ito. At dahil hindi ako naniniwala sa pagkakaroon ng mabigat na bagahe sa paglalakbay, agaran akong tumiwalag at hinarangan ang babaeng dati kong pinatuloy sa aking bahay at sa buhay nang buong tiwala.

Kaya marahil ay di na nakakapagtaka sa ibang kaibigan ko kung ang kahinatnan ng yugtong ito sa buhay ko ay ang pagtiwalag ng tuluyan sa paglalakbay sa daang iyan kung saan kailangan kang may kaulayaw sa pagsayaw sa buhay. Noon pa naman ay handa na akong maglakbay mag-isa, at ilang beses ko na rin itong nagawa naman nang walang kaabog-abog, walang sabit, walang panghihinayang, at walang kalungkutan. Bonus na lang siguro kung may matagpuan ako. Malas lang at ang natitisod ko – o ang nakakatisod sa akin – ay mga napakapangit na hadlang sa daang matiwasay. Kaya ang naging siste, tinatanggap ko na lang ang mga

dumarating sa akin pero sinasala ko lang ang gusto ko ang motibo: na dapat pareho lang na panandalian ang nais naming samahan, walang malaliman, walang emosyong nakakabuwal sa kinatatayuan mo, walang expectation na makakaharang sa paglalakbay mo pa sa buhay. Madali naman silang matagpuan, at kuntento na ako sa ganitong paglalakbay. Nakakapagod na ring makaulayaw ang mga nilalang na walang ganansiyang naidudulot sa kaluluwa mo, kaya kuwidaw na lang sa mga susunod na darating para di ka na muling madapa at masaktan.

Pero nakakatawa lang minsan maglaro ang tadhana at panahon. Kung kailan mo niretiro ang visa mo patungo sa isang lugar ay siya namang darating ang isang kapwa manlalakbay na, tulad mo, pareho ang inyong mga layunin sa buhay-paglalakbay. Di lang kayo sa pupuntahan magkapareho kundi sa ibang tila maliliit na di importanteng bagay o ugali sa paglalakbay. At nakakatuwa dahil, sa wakas, may makakasama ka na sa paglalakbay na tunay na nakakaintindi, at tunay na umiintindi, kung saan mo gustong tumungo, dahil sa naiintindihan mo rin at iniintindi mo ang nais niyang puntahan. Parang pareho nga kayo ng destinasyon pero ngayon lang kayo nagkatagpo sa eroplano, sa lawak ng airport ng buhay, sa tagal niyo nang naglalakbay na may kasama o mag-isa sa istasyon ng buhay.

Ganyan nga yata talaga ang pag-ibig. Ilang beses ka mang matisod, madapa at maligaw ng landas, hihilahin at hihilahin ka pa ring pabalik sa nararapat mong daan. At bonus talaga kung ang makakapareha mo sa paglalakbay ay nais ding pumunta sa nais mong puntahan. At dahil sa pareho na kayong beterana ng ganitong mga uri ng paglalakbay, alam niyo na kung paano iwasan ang mga nakakatisod at nakakadapa sa daan. Pero tulad ng anumang paglalakbay, kadalasa'y ang mas makasaysayan at mas mahalagang bahagi ng paglalakbay ay ang pagdaan ninyo sa daanan nang sabay. It's the journey, not the destination, sabi nga nila.

Pero sa paglalakbay kong ito, muli, tila ito na nga ang tema ng paglipad – na masaya ang nagaganap na pagtahak sa daan, na kasama pa rin ang masayang pagtanaw sa inyong nais marating. Kaya sige lang, mga pakpak, pagaspas lang. Pagaspas. //

## Relationship roadblocks: Intimacy levels and leveling off
**By Libay Linsangan Cantor**

Sa mga relasyon, iba-iba ang chemistry kung bakit nagkakasama ang dalawang tao. Siyempre, ang mauunang chemical reaction sa inyong dalawa ay ang pagdidikit. Anumang uri ng bonding – covalent, ionic, o anumang madiskubre nilang bago – ang importante ay may koneksyong naganap sa inyong dalawang magsing-irog. Kasama sa koneksyong iyon ang tinatawag na intimacy, o ang uri ng pagiging malapit sa isa't isa na maaaring kayo lamang dalawang nagmamahalan ang may rules kung paano ito pinapaandar at pinapalawig.

Mahalaga ang intimacy sa isang relasyon, tulad ng pagiging mahalaga ng komunikasyon dito. Ideal na bukas ang bawa't isa sa inyo sa lahat ng larangan ng komunikasyon: na bawal ang may tinatagong saloobing nakakatampo, na bawal ang pagkikimkim ng emosyong nais isambulat sana, na bawal ang lumilipas ang panahong wala man lang ni kibit-balikat na nagaganap sa inyong magkasama sa buhay. Mahirap iyon.

Sa umpisa pa lang ng relasyon, dapat malinaw na sa inyo ang iba't ibang levels ng inyong kominukasyon, samahan, at intimacy din. Para sa ibang lesbian couples, mahirap maganap ang intimacy sa ibang larangan dahil na rin sa personalidad ng bawa't isa. Kung hindi naman masalita o makuwento ang isang partner, paano kayo mag-uusap at magpapalitan ng kuro-kuro sa buhay?

Minsan, nasa bonding sa labas ng bahay ang level ng intimacy ng dalawang magsing-irog. Nariyang napakarami ninyong pagkakatulad sa mga likes and dislikes, sa hobbies at sa mga nais pang gawin sa bucket list ng inyong mga buhay. May mga couples na gustong-gusto ang pumupunta sa iba't ibang restaurant o kainan para subukan ang mga bagong pagkain sa paligid. May mga lakbay din ng lakbay sa iba't ibang lugar o bansa maliban sa panahon ng bakasyon nila. May mga gumagawa naman ng mga sports na sabay o mga aktibidades na pareho nilang hilig, tulad ng panonood ng sine, music concert, theater, at kung anu-ano pang maihahain ng kulturang popular sa kanila. Masaya rin nilang napapag-usapan ang mga kuro-kuro nila sa mga napanood matapos ito, sa kanilang nightcap bago umuwi o matulog.

Iyan ang mga maaaring komunikasyon at intimacy na puwede maganap sa mga couples. Pero may isang aspeto rin ng pagsasama na importanteng mapanatili at hindi sana mawala. Ito ay ang komunikasyon ng inyong mga katawan -- babae sa babae, kasama ang kaluluwa at utak at puso. Kung malakas naman ang komunikasyon ninyo sa ibabaw ng kama, aba'y mainam ito dahil ang sex ay isang uri rin naman ng komukinasyon at bonding. Ultimate level of intimacy ito siguro sa ibang couple kasi dito rin nakikita kung ano ang ugali ng dalawang magsing-irog sa paglaon ng relasyon. Dito makikita kung paano silang dalawa kumilos sa paghahanap ng kaligayahan ng isa at sa pagraos ng kaligayahan ng sarili. Minsan sabay ding hinahanap, kinakapa, at dinidiskubre ito.

Kaya nakakatakot kung unti-unting nababawasan ang inyong uri ng komunikasyon sa anumang mga larangang ito. Kung kayo ang couple na mahilig mag-party-party sa kung saan-saan at mahilig maglalalayag sa mga nightspot tapos biglang mahihinto ito, dapat siguro'y tignan ninyo kung ang dahilan ng paghinto ay valid o suspicious. Kung huminto na ang isa pero ang isa ay gusto pa, ano kaya ang dahilan ng pagbabago ng isa? Dapat ay napapag-usapan ninyo ang mga ganitong bagay-bagay.

Minsan din, sa inyong paglalakbay o paglalayag ay mas madalas nang mapagod at magreklamo ang isa kesa sa isa. Bakit kaya nagaganap ito? Nakakasawa na ba ang mga pinupuntahan ninyo, o pagod na kayong makasama ang isa't isa sa larangang ito? Kailangan ding malinaw at maayos na napoproseso ninyo ang mga

pagbabagong ganito sa inyong relasyon, lalo na't may mga gawain kayong nasasagasaan o nag-iiba ng anyo at porma nang biglaan, kung di man unti-unti. Kasi kung unti-unti, maaari pang mahanap ang kadahilanan kung bakit unti-unting nagbabago ang pananaw at galaw ng isang tao. Pero kung biglaan ang pagbabago, iyon ang kataka-taka.

Siguro, sa mga lesbiyana, ang pinaka-unang nauubos ang upos kung kawalan ng intimacy ang pag-uusapan, ay ang pagsasama sa kama. Kaya nga may bansag pa sa ating may "lesbian bed death" (LBD) daw sabi sa North America, kasi dumarating ang panahon na namamatay daw ang libog ng dalawang babae kaya may panahong tagtuyot kung tagtuyot ang peg ng inyong dating basang-basang samahan. Bakit kaya?

Sa larangan ng intimacy in bed, minsan kasi ay nakakabit sa specific identity ito ng isang babae. Kung siya ay babaeng iniisip na mas lalaki siya sa kilos at kalooban, na kulang na lang ay transman na ang tingin niya sa sarili niya, talagang mag-iiba ang pananaw nila sa sex lalo na't ang kaulayaw niya ay isang two-way lesbian na nais din ng aktibong role sa sex. Kung pareho namang two-way ang couple, wala ring prublema ito pero minsan, ang prublema ay ang pagkalusaw ng libog sa kung anumang kadahilanan. Kung aktibo pa ang libog ng isa at hindi na nasisilaban ang libog ng isa, paano na mapapainit ang ganitong samahan?

Hindi ko alam kung bakit mga lesbiyana ang binansagan nila ng ganitong LBD. Kung tunay kayong mga babaeng nais diskubrehin ang katawan ng isa't isa, maraming maaaring magawa sa larangang ito na hindi uuwi sa pagkamatay ng libido ninyo. Kung laging pagod sa trabaho, sa mga pag-aasikaso sa buhay, maaari namang gamitin ang sex bilang tension reliever. Marahil ay nasa attitude na lang ng isang indibidwal kung paano niya tinitignan ang sex sa buhay niya. Sana lang ay tugma ang pananaw nilang mag-jowa dito kung nais nilang mas lumawig ang relasyon nila -- sa loob man o labas ng kama.

Marami talagang dahilan kung bakit maaaring malihis sa landas ang dalawang nag-iibigan sa kalye ng pagmamahalang tinatahak nila. Ang mga roadblock na ito sa intimacy ang ilan sa mga lubak na maaaring makaantala sa malumanay at mapayapang paglalakbay. Kung sana lang ay napapag-usapan ninyong dalawa ang mga nangyayari sa inyong indibidwal na pagkatao, mas mainam ito at mas magiging madali ang pagreremedyo ng kung anumang hadlang ang meron ka o kayo. Pero kung sa unti-unting pagkalusaw ng anumang bond na matibay ninyong nailagay sa sarili ninyo sa umpisa, baka kailangan munang mag-park sa gilid ng kalye at tignan kung may kailangang kumpunihin -- sa sasakyan, sa pasahero, o sa direksyong tinatahak ninyo.

Ang pag-ibig ay isang mapayapa at masayang paglalakbay. Kung iba na ang pakiramdam ninyo, baka may kailangan nang maghiwalay. Kung anuman ang uri ng pagihiwalay na iyon, sana lang ay mas makakabuti sa inyo ito sa paglaon. //

*Libay Linsangan Cantor is an award-winning Manila-based queer writer, media*

*practitioner and gender advocate. Email her at leaflens@gmail.com. She blogs at* Culture Popper Leaflens *and tweets as* *@Leaflens.* *She answers queer-related queries at her* Askfm leaflens *site.*

Photos by the author. Some rights reserved.